RECORDS FILES

RELEASED
1 6 SEP 2016

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 361 serye 2016

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro Ng Mababang Paaralan (Pribado at Pampubliko)
Guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Pansangay Na Paligsahan Sa Ispeling: Iispel Mo!**

Petsa: Setyembre 16, 2016

---

1. Bilang pagtalima at pagpapahalaga ng sulat mula sa Tagapangulo ng Komisyon Sa Wikang Filipino at mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral ng **Baitang 6** na lumahok sa mga paligsahan, ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsasagawa ng **Pansangay Na Paligsahan Sa Ispeling: Iispel Mo!** ngayong Oktubre 7, 2016 sa Conference Hall, Zamboanga del Norte Division.

2. Ang mga layunin ng paligsahan ay ang sumusunod:
   a. maitaguyod ang paligsahang lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral patungo sa pagpapataas ng antas ng kalidad ng wikang Filipino;
   b. malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling ng mga salita na sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa; at
   c. mapapalaganap ang mga napapanahong kaalaman sa wikang Filipino.

3. Ang mga kalahok sa paligsahan ay isang mag-aaral ng Baitang 6 na panalo mula sa bawat distrito kung kaya'y magkaroon ng 35 kalahok para rito sa araw ng paligsahan.

4. Ang pagsasagawa ng pandistritong patimpalak ay nasa pamamahala ng Tagamasid Pampurok at ng Filipino koordineytor ng bawat distrito sa Setyembre 30, 2016.

5. Kalakip ng Memorandum ang sulat ng Tagapangulo ng KWF, pamantayan ng paligsahan at DepEd Advisory No. 213, s. 2016 para sa karagdagang kaalaman.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.